# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Biblical Studies
## BS200 Ang Mga Patriarchs

## CBS202 Abraham, Mga Anghel, Sodom at Gomorrah

**Conrad Jun Tolosa**

### *Ang Tatlong Anghel*

Sa simula ng Genesis 18, sinasabi na muling nagpakita ang Diyos kay Abram sa tabi ng malalaking puno sa Mamre. Ihinahayag sa simula ng kasaysayang ito sa buhay ni Abraham na ang nakita niya ng mga sandaling iyon ay tatlong lalaki na nakatayo. Pinuntahan at niyukuan ni Abram ang mga lalaki; nagpapahiwatig na ang dating kay Abram ng tatlong lalaking ito ay kakaiba at hindi ordinaryo. Inanyayahan ni Abram ang tatlo na mag-merienda muna bago magpatuloy sa kanilang paglalakbay. Pumayag ang mga lalaki.

Dali-daling pinaalam ni Abram kay Sarai na mayroon silang bisita at ipaghanda sila ng makakain. Habang kumakain ang tatlo, nagtanong ang isang bisita, *Nasaan ang iyong asawa? Nasal loob ng tolda*, ang sagot ni Abram. *Pagbalik ko next year manganganak si Sarai ng sanggol na lalaki*, ang sabi ng anghel. Narinig ni Sarai ang sinabi ng anghel at siya ay natawa dahil sa matanda na silang mag-asawa. *Bakit natawa si Sarai? Bakit niya tinanong kung pwede pa ba magka-anak ang isang matandang babae?* Ang tanong ng Lord kay Abram. *Mayroon bang mahirap sa Diyos? Babalik Ako next year at magkaka-anak si Sarai ng lalaki,* ang sabi ulit ng Lord.

Sa takot, pinagkaila ni Sarai na siya ay tumawa. Subalit, sinabi ng anghel sa kanya na siya nga ay tumawa.

Pansinin natin na sa simula pa lamang ng Genesis 18, ang salitang LORD ay ginamit sa pag-refer sa isa sa tatlong lalaki. Ito ay pinaniniwalaan na isa sa mga pre-incarnation appearances ng Panginoong Jesus during Old Testament times (theophany). Pansinin din natin na ang mga anghel ay nag-aanyong tao kapag mayroon silang sinasadya sa tao. Sinasabi sa Hebrews 13:2 na possibleng nakapag-entertain na tayo ng anghel na hindi natin nalalaman.

Nang paalis na ang mga lalaki, nagpasya ang Lord na sabihin kay Abram ang Kanyang pakay. Sinabi ng Lord kay Abram na napakalakas na ang sigaw mula sa Sodom at Gomorrah dahil sa tindi ng kasalanan ng mga nananahan doon at aalamin Niya ang lawak ng karimlan sa lugar na iyon.

Minabuti ni Abram na mangatuwiran sa anghel. *Hindi Mo naman papayagan na magdusa ang mga matuwid kasama ang mga makasalanan. Kaya kung sakaling mayroong 50 na matuwid na tao doon, hindi Mo ba ipagpapaliban ang pagwasak sa mga siyudad na iyon?* Bumaba sa sampung matuwid na tao ang tawad ni Abram upang maiwasan ang pagwasak ng Sodom at Gomorrah.

At nang maunawaan niya na walang sampung matuwid na tao sa lugar na iyon, bumalik na siya sa kanyang tolda at ang anghel ay nagpatuloy na sa Kanyang lakad. Tulad ng panahon ni Noah, isang tao lamang ang kinilala ng Lord na matuwid, si Noah. Sa buong siyudad ng Sodom at ng Gomorrah, isa lamang ang matuwid na tao, si Lot.

***Sodom at Gomorrah***

Sa kapipilit ni Lot, sumang-ayon ang dalawang anghel na magpaliban ng gabi at kumain sa kanyang tahanan. Subalit bago sila tuluyang makapagpahinga, pinaligiran ng mga kalalakihan mula sa lahat ng sulok ng Sodom ang bahay ni Lot. Tinawag nila si Lot at sinabing, *Ilabas mo sa amin ang mga lalaking nasa looban mo upang makapag-sex kami sa kanila.* Sapagkat pananagutan niya ang kanyang mga bisita, inihain ni Lot sa kanila ang kanyang dalawang anak na birhen bilang kapalit. Hindi tinanggap ng mga walanghiya ang alok ni Lot bagkos ay sinimulan nilang gibain ang kanyang pintuan. Hinatak ng mga anghel si Lot paloob ng bahay at isinara ang pinto. Pagkatapos ay binulag nila ang mga lalaki sa may pintuan ng bahay.

Binalaan ng mga anghel si Lot na tipunin niya ang lahat ng mahal niya sa buhay sapagkat gugunawin nila ang Sodom at Gomorrah dahil sa tindi ng sigaw laban sa mga taga-roon. Kinailangan pang kaladkarin palabas ng siyudad ang mag-anak ni Lot upang sila ay mailigtas sa calamidad na naghihintay. Pumayag ang mga anghel sa mungkahi ni Lot na pumunta na lamang sila ng kanyang mag-anak sa susunod na purok imbis na sa bundok pa. Ang asawa ni Lot ay naging haligi ng asin nang, contra sa utos ng mga anghel, siya ay lumingon upang masdan ang paggunaw ng Sodom at Gomorrah.

Kinaumagahan, inabot-tanaw ni Abraham ang usok na nanggagaling sa natupok na mga siyudad. Lahat ay namatay sa pagkawasak ng lugar na iyon na inulan ng mga nag-aapoy na bato.

Ayon sa 2 Peter 2:7, si Lot ay isang matuwid na tao na habang nakatira sa Sodom ay binagabag ng napakaruming buhay ng mga taga-roon. Naghirap ang kanyang damdamin sa araw-araw na pagsaksi sa mga walang pakundangang paglabag sa batas ng mga residente ng malaswang siyudad na iyon.

Subalit kung susubaybayan natin ang buhay ni Lot, mahirap mapagtanto na siya ay matuwid na tao base sa mga bad decisions na kanyang ginawa. Simula pa lamang sa paghihiwalay nila ni Abraham, hindi mawari na siya ay isang taong mapagtanaw ng utang-na-loob. Pinili niya ang matubig na lugar at iniwan si Abraham na naging instrumento ng nasumpungan niyang magandang kapalaran. Maaari naman na iniwan lang siya ni Abraham sa Haran kasama ng kanyang lolong si Terah. Maaari naman na pagsabihan niya ang kanyang mga tauhan na huwag makikipag-away sa tauhan ng kanyang tiyo at nagpilit na mag-isip sila ng paraan kung paano malulutas ang problema nilang hinaharap upang sila ay hindi magkawalay. Ginusto pa niya na tumira na malapit sa mga siyudad.

Subalit huwag nating kalimutan na ang Diyos ay nakatingin sa puso ng tao pagdating sa pagiging matuwid. Masusuma natin na mayroon pananalig sa salita ng Diyos si Lot na ang Diyos lamang ang nakakita.

Karimarimarim sa mata ng banal na Diyos ang homosexuality na laganap noon sa Sodom and Gomorrah. Sinasabi sa Romans 1: [24] *Therefore God gave them up in the lusts of their hearts to impurity, to the dishonoring of their bodies among themselves,* [25] *because they exchanged the truth about God for a lie and worshiped and served the creature rather than the Creator, who is blessed forever! Amen.* [26] *For this reason God gave them up to dishonorable passions. For their women exchanged natural relations for those that are contrary to nature;* [27] *and the men likewise gave up natural relations with women and were consumed with passion for one another, men committing shameless acts with men and receiving in themselves the due penalty for their error.*

Ang kabaklaan at katomboyan ay sobrang laganap na rito sa Pilipinas. Hindi kaila lalo na sa mga medical professionals na maraming sexually transmitted disease ang related sa homosexual activites, particular na rito ang HIV. Mapagmamasdan na ang entertainment industry sa Pilipinas ay puno ng mga bakla na lantaran sa kanilang pagkabakla. Wala silang pakialam sa kalooban ng Diyos, lalo na sa kung ano ang iisipin ng lipunan. Basta sila ay bakla at sila ay successful. Hindi lamang sila contento sa kanilang lifestyle kundi nanghihikayat pa sila ng iba na gayahin sila.

Ito ang sinasabi sa Matthew 24:37-39: But as the days of Noah *were,* so also will the coming of the Son of Man be. For as in the days before the flood, they were eating and drinking, marrying and giving in marriage, until the day that Noah entered the ark, and did not know until the flood came and took them all away, so also will the coming of the Son of Man be.

***Multiple Choice:***

1. Ang pagtawa ni Sarai matapos marinig ang sinabi ng anghel na siya ay manganganak after a year ay nagpapakita na:
   a. wala siyang tiwala sa pangako ng Diyos.
   b. magiging katawa-tawa para sa kanya ang magdalang -tao pa sapagkat siya ay matanda na
   c. Both A & B
   d. Wala sa choices.

2. Ang pangangatuwiran na ginawa ni Abram sa anghel matapos malaman ang kanilang pakay sa pagpunta nila sa Sodom at Gomorrah ay pagpapakita ng:
   a. Pagaalala niya sa lahat ng tao sa mga bayang iyon.
   b. Pagaalala niya sa kanyang pamangkin na si Lot.
   c. Both A & B
   d. Wala sa choices.

3. Anong katangian ng Diyos ang matutunghayan sa scene na nabanggit sa question 2?
   a. Ang Diyos ay mapaghiganti.
   b. Ang Diyos ay mapagmahal.
   c. Ang Diyos ay merciful.
   d. Ang Diyos ay makapangyarihan.

4. Laganap na ang sa ating panahon ang katulad ng naganap noon sa Sodom at Gomorrah. Paano tayo dapat nagrerespond sa ganitong sitwasyon?
   a. Kailangan lamang na maging open-minded tayo at tanggapin ang kanilang mga gawain
   b. Ito naman ay uso na ngayon kaya dapat lang na pabayaan sila sa kanilang gusto
   c. Magsumamo tayo sa Panginoon na sila ay kahabagan, mabuksan ang kanilang puso at isip sa maling gawain at ito ay talikuran.
   d. All of the above.

5. Anong mayroon sa mga siyudad na mahirap iwanan ng mga believers?
   a. Mga night-outs sa mga clubs
   b. Sports and entertainment
   c. Opportunities to make money
   d. All of the above

© Revised April 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.